**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**BATANGAS CITY**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION HELD BY THE MEMBERS OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF BATANGAS CITY ON AUGUST 9, 2022 AT THE SANGGUNIAN SESSION HALL**

**PRESENT:**

| | |
|---|---|
| Hon. Alyssa Renee A. Cruz, | Presiding Officer |
| Hon. Hamilton G. Blanco, | Councilor |
| Hon. Karlos Emmanjuel A. Buted, | " |
| Hon. Andrea Loise F. Macaraig, | " |
| Hon. Nestor E. Dimacuha, | " |
| Hon. Oliver Z. Macatangay, | " |
| Hon. Armando C. Lazarte, | " |
| Hon. Nelson J. Chavez, | " |
| Hon. Jose Jonash Luis F. Tolentino, | " |
| Hon. Zester Carlo M. Hernandez, | " |
| Hon. Isidra "Ched" M. Atienza, | " |
| Hon. Lorenzo A. Gamboa, Jr., | " |
| Hon. Michael C. Villena, | " |
| Hon. Angelito "Dondon" A. Dimacuha, | (ABC-Rep.) |
| Hon. Marjorie A. Manalo, | ( SK-Rep.) |

"On motion of Councilor Gamboa seconded by Councilor Lazarte, the following Resolution was Adopted:

**KAPASIYAHAN BLG. 22-200 S. 2022**

**KAPASYAHANG NAGPAPATIBAY SA IMPLEMENTASYON NG BINAGONG BERSYON NG CONTINGENCY PLAN FOR TYPHOON, CONTINGENCY PLAN FOR EARTHQUAKE AT DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT PLAN PARA SA MGA TAONG 2020-2025 NG LUNGSOD NG BATANGAS**

**SAPAGKAT,** sang-ayon sa Ikalawang Alituntunin ng Ikalawang Seksyon ng Batas Republika Blg. 10121 na kilala bilang, "An Act Strengthening the Philippine Disaster Risk Reduction and Management System, Providing for National Disaster Risk Reduction and Management Framework and Institutionalizing the National Disaster Risk Reduction and Management Plan, Appropriating Funds Thereof and For Other Purposes", ang City Disaster Risk Reduction and Management Council ang may mandatong magbuo at magpatupad ng komprehensibo at pinahusay na Disaster Risk Reduction and Management Plan;

**SAPAGKAT,** ang naturang plano ay binalangkas na naaayon sa pambansa, pangrehiyon at pamprobinsiyang patakaran na itinakda para sa disaster risk reduction sa mahigpit na koordinasyon ng City Development Council ng Lungsod ng Batangas;

**Continuation of Kapasiyahan Blg. 22-200 S. 2022**

**KAPASYAHANG NAGPAPATIBAY SA IMPLEMENTASYON NG BINAGONG BERSYON NG CONTINGENCY PLAN FOR TYPHOON, CONTINGENCY PLAN FOR EARTHQUAKE AT DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT PLAN PARA SA MGA TAONG 2020-2025 NG LUNGSOD NG BATANGAS**

**SAPAGKAT,** ang City Disaster Risk Reduction and Management Council ay nangalap ng mga datos at impormasyon, nagsagawa ng mga pagpupulong at pagsasanay, nagkaroon ng Climate and Disaster Risk Assessment, at nagbuo ng plano para sa Lungsod ng Batangas;

**SAPAGKAT,** may mahigpit na pangangailangan na magsariwa ng plano ng lungsod para sa taong 2020-2025 bilang pagsasaalang-alang sa mga pagbabago sa sitwasyon at posibleng pagkalat ng panganib sanhi ng mga hindi inaasahang pangyayari;

**DAHIL DITO, IPINASISIYA,** tulad ng sa ngayon ay ginagawang pagpapasiya ng mga kasapi ng Sangguniang Panlungsod ng Batangas na natitipon sa Regular na Sesyon, at ngayon nga ay ipinasisiya na pagtitibayin ang Implementasyon ng Binagong Bersyon ng Contingency Plan for Typhoon, Contingency Plan for Earthquake at Disaster Risk Reduction and Management Plan para sa mga taong 2020-2025 ng Lungsod ng Batangas.

**PINAGTIBAY NG LAHAT**."

---

I hereby certify that the foregoing Resolution No. 22-200 S. 2022 was approved by the Sangguniang Panlungsod of Batangas City during its Regular Session held on August 9, 2022.

**ATTY. OLIVA D. TELEGATOS**
Secretary

**ATTESTED:**

**ATTY. ALYSSA RENEE A. CRUZ**
Presiding Officer

**ODT/ ystingchuy…**

Republic of the Philippines
Province of Batangas
Batangas City
SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**COMMITTEE ON FIRE AND RISK REDUCTION**

# ULAT NG LUPON

**PAKSA** : LIHAM NA MAY PETSANG JULY 19, 2022 MULA SA PUNONG LUNGSOD, BEVERLEY ROSE A. DIMACUHA NA HUMIHILING SA SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG BATANGAS NA APROBAHAN ANG BINAGONG BERSYON NG CONTINGENCY PLAN FOR TYPHOON, CONTINGENCY PLAN FOR EARTHQUAKE AT DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT PLAN PARA SA MGA TAONG 2020-2025 NG LUNGSOD NG BATANGAS

## PAG-AARAL

Ang liham na may petsang Hulyo 19, 2022 mula sa Punong Lungsod Beverley Rose A. Dimacuha na humihiling sa Sangguniang Panlungsod ng Batangas na aprobahan ang binagong bersyon ng Contingency Plan for Typhoon, Contingency Plan for Earthquake at Disaster Risk Reduction and Management Plan para sa mga TAONG 2020 - 2025 ay inihain sa Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Panlungsod ng Batangas noong nakaraang ika-25 ng Hulyo 2022 at nailiwag sa Lupon ng Fire and Risk Reduction sa parehong araw.

Ang Lupon ng Fire and Risk Reduction ay nagsagawa ng pagdinig hinggil sa nabanggit na paksa na dinaluhan ng mga sumusunod na kasapi ng Sangguniang Panlungsod:

Kon. Lorenzo Gamboa, Jr. - Tagapangulo ng Lupon
Kon. Hamilton Blanco - Kasapi ng Lupon
Kon. Nelson Chavez - Kasapi ng Lupon
Kon. Zester Carlo Hernandez - Kasapi ng Lupon
Kon. Armando Lazarte - Pansamantalang Kasapi ng Lupon
Kon. Karlos Emmanjuel Buted
Kon. Isidra M. Atienza
Kon. Michael Villena
Kon. Andrea Loise Macaraig
Kon. Nestor Dimacuha
Kon. Jonash Tolentino

Dumalo rin sa pagdinig ang mga sumusunod na panauhin:

Ginoong Rod Dela Rocca - CDRRMO (CDRRM Officer)
Dra. Riah Conception Aguda - CHO (MO IV)
Mr. Lex Millard Damian - CHO (Nurse I)
PMAJ Joel B. Ilagan - PNP Batangas City (Intel)
SINSE Benjie L. Caca - BFP Batangas City (Acting Fire Marshall)
Ms. Hiyasmin A. Candava - CSWDO (Asst. CSWDO Officer)
Engr. Lucila Castillo - CEO (Asst. City Engineer)
Ar. Gerry Palas - CEO (Architect IV)
Ms. Thelma E. Nayve - MERALCO (RM)
Mr. Ernesto Fider - MERALCO (SRM)
Ms. Raquel B. Ranchez - Department of Education

Matapos maitalaga si Konsehal Armando Lazarte bilang Pansamantalang Kasapi ng Lupon, sinimulan ang talakayan at sa pagpapalitan ng kuro-kuro, at paghahain ng mga katanungan at ilang paglilinaw hinggil sa iba't ibang usapin na nakapaloob sa paksang pinag-uusapan. Ang kabuuan ng nabanggit na talakayan ay nakapaloob sa Dyornal ng Pagdinig ng Lupon.

Republic of the Philippines
Province of Batangas
Batangas City
SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**COMMITTEE ON FIRE AND RISK REDUCTION**

**REKOMENDASYON NG LUPON**

Alinsunod sa mga pangyayaring naitala, maliwanag na ginampanan ng Sangguniang Panlungsod, higit ang Lupon ng Fire and Risk Reduction, ang kani-kanilang tungkulin. Kasama sa tungkuling ito na padaanin sa tamang proseso ang anumang pagtitibayin upang maiwasan . ang anumang suliranin na maaring maganap kung ang Sanggunian ay nagpapatibay ng anumang kapasiyahan o kautusan ng walang kaukulang pag-aaral.

Dahil dito, inirerekomenda ng Lupon ang mga sumusunod:

1. Pagpapatibay nitong Ulat ng Lupon; at
2. Pagpapatibay ng nakalakip na Kapasiyahan.

Magalang na naisumite ngayong ika-8 ng Agosto, 2022.

**KON. LORENZO A. GAMBOA, JR.**
Tagapangulo ng Lupon

**KON. HAMILTON G. BLANCO**
Kasapi ng Lupon

**KON. NELSON J. CHAVEZ**
Kasapi ng Lupon

**KON. ZESTER CARLO M. HERNANDEZ**
Kasapi ng Lupon

**KON. ARMANDO C. LAZARTE**
Kasapi ng Lupon